

III -4 Elektrisidad o Kuryente (Denki)

1. Elektrisidad sa Bansang Hapon

Ang boltahe ng koryente sa bansang Hapon ay nasa 100 Volts at hindi nagbabago-bago. Ang frequency naman ay depende sa lugar, may 50Hz (Silangang Japan) at mayroon ding 60 Hz (Kanlurang Japan). Ang frequency sa Osaka ay 60 Hz.

Kinakailangang mag-ingat kung ikaw ay gagamit ng kagamitang de-kuyente na galing sa ibang bansa sapagkat maaaring makasama ito at tuluyang masira ang inyong kagamitan kung hindi magkatugma ang boltahe at frequency.

2. Pagpapakabit ng Kuryente

Sa pagpapakabit ng panibagong serbisyo ng kuryente o elektrisidad, tawagan ang pinakamalapit na customer service ng Kansai Electric Power Company (*Kansai Denryoku*) matapos buksan ang switch ng mainbreaker. Ang mainbreaker ay pangkaraniwang nakakabit sa pasukan o kusina ng bahay o kaya'y nasa electrical box (isang kahong nakasabit sa dingding at lahat na safety breaker ang naroroon). May nakadikit o nakasamang papel at nakasulat dito kung saan puwedeng matawagan ang Kansai Electric Power Company (*Kansai Denryoku*). Ang pagpapakabit ng kuryente ay maaaring itawag o kaya ay mag-aplay sa pamamagitan ng postcard na may nakasulat kung saan puwedeng matawagan ang Kansai Electric Power Company (*Kansai Denryoku*).

3. Pagbabayad

Ipapadala ang buwanang kuwenta o bill ayon sa inabot ng metro o kontador, at ito ay maaaring bayaran sa pinakamalapit na branch ng Kansai Electric Power Company (*Kansai Denryoku*), bangko o post office, at maari rin sa mga convenience stores. Maaari ring kaltasin sa inyong savings account sa bangko o post office.

4. Notisya na nagsasaad ng dami ng ginamit na koryente

Ang pabatid na nagsasaad ng dami ng nagamit sa koryente ay matatanggap sa araw ng pag-iinspeksiyon ng metro o kontador

Dami ng paggamit sa buwan ito.

Araw ng kaltas ng bayad (Ang araw ng kaltas ng bayad sa inyong account)

Petsa ng pagbabayad (Kapag lumampas sa taning na ibinigay, idadagdag sa susunod na buwan ang patong o multa)

Halaga na binayaran. (Pag kinakaltas sa account ang pagbabayad, ang halaga na ibinayad na nakaltas sa account para sa nakaraang buwan ang nakasulat.)

Ang susunod na araw ng pag-iinspeksiyon ng kontador.

Numero ng telepono na maaaring tawagan

いつも電気を、利用いただきありがとうございます

カンデン タロウ 様

お客様番号 0814196710410100

● 電気ご使用量のお知らせ

○年8月分 (ご期日 7月 9日～ 8月 9日) の電気のご使用について下記のとおりお知らせします。

契約種別 従量電灯A

○ご使用量 351kWh

(ご参考)電気料金 8,463円

振替月日 8月 20日

早取期限日 8月 31日

計器番号 377

当月計示数 2565

前月計示数 2214

● 電気料金領収済のお知らせ

下記金額を口座振替によりお支払いいただきありがとうございました

年 月 分	○年 7月分
契約種別	従量電灯A
ご使用期間	6/16～7/8
ご使用量	310kWh
振替月日	7月17日
領収金額	7,306円
消費税率(再掲)	3.48円
繰上り金額(再掲)	0円
燃料費調整額(再掲)	1,161円

ご指定口座 関西電力株式会社 三田 営業所 分行 かんてんファクトリー 8月 10日

ご請求 06 391-7235

ご請求 06 391-1061

電気温水器のお問い合わせは 0120-86-9101

Customer number (Ang numero ng kontrata ng kostumer. Magagamit ito kung may gustong itanong o ibig malaman.)

Halaga ng babayaran sa koryente. (Ang halagang babayaran batay sa kalkulasyon sa dami ng nagamit sa buwang ito.)

Ang halagang babayaran para sa ngayong buwan

Ang uri ng kontrata ng kostumer

Ang halagang babayaran para sa nakaraang buwan.

Ang halaga ng adjustment sa bayad sa fuel (Ang halaga ng adjustment kapag tumaas sa normal, magkaroon ng pagbabago ang exchange rate at gastos sa fuel.)